



# PATNUBAY SA MISA

19 Mayo 2024

Dakilang Kapistahan ng Pentekostes

Taon B

## Halina, Banal na Espiritu, Halina!

**N**abubuhay tayo sa mundo ng mga hidwaan, inggit at iringan, at iba't ibang anyo ng pagkaaliping espirital at pisikal. Lahat ng ito ay bunga ng KASALANAN, mula sa kaunahan hanggang sa pinakahuling kasalanan ipinagdilig ng paningin ng sangkatauhan. Kung tutuusin, hindi natin makakayanan ang mapanirang lakas ng kasalanan. Kaya nga, ipinangako ng Diyos ang Banal na Espiritu bilang dakilang mapagpagaling na Kapangyarihang susugpo sa mga trahedya ng pagkakawatak-watak, pag-aalinlangan, pagkamuhi, at kamatayang bunga ng pagkakasala ng tao.

Sa paggunita natin sa pagbaba ng Banal na Espiritu sa mga disipulong nagakakatipon noon, buksan natin ang ating mga puso sa Kanya upang tayo man ay maging kabahagi nila sa gayong karanasan. Itulad nawa tayo ng Banal na Espiritu kay Hesus at sa pamayanang may pagmamahalan, pagpapahalaga, at pagkakaisa.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Espiritu ng Poong D'yos, lumukob sa sansinukob, at sa tanang kanyang sakop, dunong niya ay pumuspos. Aleluya ay ihandog!**

#### Pagbati

**P**– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

**B**– Amen!

**P**– Ang pag-ibig, biyaya, at kapayapaan ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**– Mga kapatid, alalahanin natin

kung gaano ang pangangailangan natin sa Banal na Espiritu sa ating buhay at kung paano tayo di naging karapat-dapat sa Kanyang pananatili sa atin. (*Manahimik saglit.*)

**P**– Panginoong Hesus, ipinagkaloob mo ang Banal na Espiritu sa iyong mga alagad upang maging Guro at Tagapagtanggol nila. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**– Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Panginoong Hesus, ipinagkaloob mo ang Banal na Espiritu sa iyong Simbahan upang maakay ito sa buong katotohanan. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**– Kristo, kaawaan mo kami!

**P**– Panginoong Hesus, ipinagkaloob mo ang Banal na Espiritu sa iyong Simbahan

upang maging bukal ito ng pagpapatawad at pagpapakabanal. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**– Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

#### Papuri

**B**– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

**P**—Ama naming makapangyarihan, pinababanal mo ang iyong pandaigdig na Sambayanan sa ipinahahayag mo ngayon sa dakilang kapistahan. Gawin mong ang buong daigdig ay mapuspos nang ganap sa mga kaloob ng Espiritu Santong bigay mo sa lahat para puspusin ang kalooban ng tanan noong ang Mabuting Balita ay simulang ipangaral sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Gw 2:1-11  
*Ang pagbaba ng Banal na Espiritu noong Araw ng Pentekostes ang tumupad sa ipinangako ni Hesus sa Huling Hapunan at bago siya umakyat sa langit. At nagsimula na noon ang sangkatauhang maging bagong bayan ng Diyos, na tinatampukan ng pagkakaunawaan, pagkakaisa, at pagmamahalan.*

**L**—Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Nang sumapit ang araw ng Pentekostes, nagkatipon silang lahat sa isang lugar. At biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hangunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay na puspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

May mga Judiong buhat sa iba't ibang bansa, na naninirahan noon sa Jerusalem, mga taong palasamba sa Diyos. Nang marinig ang ugong na ito, nagdatingan ang maraming tao. Namangha sila sapagkat sinasalita ng mga alagad ang mga wika nila. Sa kanilang pagtataka ay kanilang nasabi, “Hindi ba Galileo silang lahat? Bakit ang atin-ating katutubong wika ang naririnig natin sa kanila? Tayo'y mga taga-Partia, mga taga-Media, mga taga-Elam; mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea at sa Capadocia, sa Ponto, at sa Asia. Mayroon pa sa ating taga-Frigia at Panfilia, Egipto at sa mga saklaw ng Libia na sakop ng Cirene, at mga nakikipanirahan mula sa Roma, maging mga Judio at mga naakit sa Judaismo. May mga taga-Creta at Arabia pa rito. Paano sila nakapagsasalita sa atin-ating wika tungkol sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos?”

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 104  
*B—Espiritu mo'y suguin, Poon, tana'y 'yong baguhin!*

R. M. Velez

Es--pi-ri-tu mo'y su-gu-in, Po-  
on, ta--na'y 'yong ba-gu-hin!

\* Pinupuri ka, Poong Diyos, nitong aking kaluluwa, O Panginoong Diyos, kay dakila mong talaga! Sa daigdig ikaw, Poon, kay rami ng iyong likha, sa dami ng nilikha mo'y nalaganapan ang lupa. **B.**

\* Natatakot mangamatay kung kitlin mo ang hininga; mauwi sa alabok, pagkat doon mula sila. Taglay mo ang Espiritu upang buhay ay ibalik, bagumbuhay ay dulot mo sa nilikha sa daigdig. **B.**

\* Sana ang 'yong karangala'y manatili kailanman; sa lahat ng iyong likha, ang madama'y kagalakan. Ang awit ng aking puso sana naman ay kalugdan, habang aking inaawit ang

papuri sa Maykapal.

**B.**

**Ikalawang Pagbasa** 1 Cor 12: 3-7.12-13

*Nahaharap noon ang Corinto sa pagkakahati-hati at iringan. Bilang amang nagmamalasakit, si Pablo ay nangangaral sa kanilang magkaisa sa Banal na Espiritu na siyang bukal ng lahat ng biyaya.*

**L**—Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

**Mga kapatid: Hindi masasabi ninuman, “Panginoon si Hesus,” kung hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu Santo.**

Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkaloob ng mga ito. Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. Iba't iba ang mga gawain ngunit iisa lamang ang Diyos na sumasalhat ng taong gumagawa ng mga iyon.

Ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na naghahayag na sumasakanya ang Espiritu, para sa ikabubuti ng lahat.

Sapagkat si Kristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi; bagamat binubuo ng iba't ibang bahagi, iisa pa ring katawan. Tayong lahat, maging Judio o Griego, alipin man o malaya, ay bininyagan sa iisang Espiritu upang maging isang katawan.

Tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu.

Ang Salita ng Diyos!

**B**—Salamat sa Diyos!

### Awit tungkol sa Mabuting Balita

**B**—Halina, Espiritu, • sa sinag buhat sa 'yo • kami'y liwanagan mo.

Ama ng maralita, • dulot mo'y pagpapala • upang kami'y magkusa.

Kaibiga't Patnubay, • sa amin mananahan • ang tamis ng 'yong buhay.

Ginhawang ninanais, • lilim namin sa init, • kapiling bawat saglit.

Lubhang banal na ilaw, • kami'y iyong silayan • ngayon at araw-araw.

Kapag di ka nanahan • ay walang kaganapan • ang buhay nami't dangal.

Marumi'y palinisin, • lanta'y panariwain, • sakit nami'y gamutin.

Kami'y gawing matapat, • sa pag-ibig mag-alab, • lagi sa tamang landas.

Tugunin aming luhog, • kami'y bigyang malugod • ng 'yong pitong kaloob.

Gantimpala'y ibigay, • sa hantungan ng buhay • ligayang walang hanggan.

### Aleluya

**B – Aleluya! Aleluya!**

Espiritung aming Tanglaw, kami'y iyong liwanagan sa ningas ng pagmamahal.

**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Jn 20:19-23*  
*Sinasabi ni San Juan na ang Banal na Espiritu ay unang handog na ipinagkaloob ni Hesus sa mga disipulo sa araw mismo ng kanyang muling pagkabuhay.*

**P** – Sumainyo ang Panginoon!

**B** – At sumaiyo rin!

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

**Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. “Sumainyo ang kapayapaan!” sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon.**

**Sinabi na naman ni Hesus, “Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.”**

**Pagkatapos, sila'y hiningahan niya at sinabi, “Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P** – Hatid ng kaalamang nangan-gailangan tayo ng tulong ng Banal na Espiritu sa pagharap sa mga paghamon ng buhay Kristiyano, manalangin tayo:

**B – Banal na Espiritu, Halina!**

\* Nang ang buong Simbahang Katolika ay laging maging kasangkapan ng pakikipagkasundo at tagapagtaguyod ng pagkakaisa ng lahat. Manalangin tayo! **B.**

\* Nang ang mga pinuno ng Simbahan ay patuloy na maging inspirasyon ng kanilang mga pinamumunuan. Manalangin tayo! **B.**

\* Nang ang lahat ng guro ay makapagkintal ng mga tunay na pagpapahalaga sa kanilang mga tinuturuan. Manalangin tayo! **B.**

\* Nang ang lahat ng mga pinunong pambayan sa buong mundo, lalo na sa ating bansa, ay magkamit ng pagmamalasakit sa kapakanang pangkalahatan. Manalangin tayo! **B.**

\* Nang ang mga binabalisa ng mga pagsubok ay makalaspang ginawa at lakas na dulot ng Banal na Espiritu. Manalangin tayo! **B.**

\* Nang ang lahat ng mga relihiyoso at relihiyosa mga pari: ay lumago sa kanilang bokasyon sa pamamagitan ng proseso ng paghubog at pagsasanay upang silang lahat ay maging mga kapani-paniwalang saksi at tagapagpatunay sa Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

**P** – Espiritu ng buhay at kabanalan, gabayan mo ang aming mga puso sa landas ng pagmamahalan at paglilingkod nang kami'y maging tunay na mga kasangkapan sa pagtatatag ng Kaharian kung saan ka nabubuhay at naghaharing kasama ng Ama at ng Panginoong Hesus, iisang Diyos magpakailanman.

**B – Amen!**



**P** – Manalangin kayo . . .

**B** – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P** – Ama naming Lumikha, pakundangan sa pangako ng iyong Anak ang lihim ng iyong pag-ibig at paglingap ay isiwalat nawa ng Espiritu Santo ngayong ginaganap ang paghahaing ito na siya rin nawang maglahad ng iyong katapatan sa pamamagitan ni Hesukristo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

### Prepasyo ng Pentekostes

**P** – Sumainyo ang Panginoon!

**B** – At sumaiyo rin!

**P** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B** – Itinaas na namin sa Panginoon!

**P** – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos!

**B** – Marapat na siya ay pasalamat!

**P** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ngayo'y iyong nilubos ang ginanap na pagtubos ng iyong Anak na si Hesukristo na siyang nakaluklok sa kanan mo. Espiritu'y lumulukob sa mga taong tinubos na iyong itinampok bilang

kapatid ni Kristo Hesus. Araw ngayon ng pagsilang ng binuong sambayanan ng iyong Anak na mahal. Tanang tinubos na bansa ikaw ang dinadakila. Espiritu'y lumilikha ng nagkakaisang diwa.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

**B– Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**



**B– Ama namin . . .**

**P– Hinihiling namin . . .**

**B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

**P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.**

**B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo**

**ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona ng Pakikinabang**  
(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**Noong lumukob sa tanan, sugong Espiritung Banal, mga gawa ng Maykapal sama-samang inawitan ng Aleluyang parangal.**

### Panalangin Pagkapakinabang

**P–** Ama naming mapagmahal, pinapapakinabang mo ang iyong Sambayanan sa iyong mga bigay buhat sa kalangitan. Ang iyong pagpapalang kaloob sa amin ay iyong panatilihin upang laging masaganang dumaloy ang Espiritu Santo at ang aming pinagsaluhan sa pagdiriwang na ito ay magdulot ng pag-unlad sa pamamagitan ni Hesukristo magpasawalang hanggan.

**B– Amen!**



**P–** Sumainyo ang Panginoon.

**B–** At sumaiyo rin!

**P–** Magsiyuko at ipanalangin ang

pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

**–** Pagpalain kayo ng Banal na Espiritu ng kasaganaan ng Kanyang handog. Patuloy nawa kayong gabayan sa kabanalan sa inyong buhay.

**B– Amen!**

**P–** Nawa tupuking lahat ng apoy na nanaog sa mga disipulo ang lahat ng kasamaan sa inyong mga puso at papagningasin ang mga ito sa dalisay na liwanag.

**B– Amen!**

**P–** Tibayan nawa ng Diyos ang inyong pananampalataya sa mga oras ng alinlangan at pagkalooban nawa kayo ng inaasahang buhay na walang hanggan sa piling ng mga banal.

**B– Amen!**

**P–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B– Amen!**

**P–** Sa pamamatnubay ng Espiritu Santo, humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

**Aleluya! Aleluya!**


**B– Salamat sa Diyos!**

**Aleluya! Aleluya!**

In five weeks, does a human embryo already have a heart?


## See: The Wonder of Life and Its Enemies

A colorful pamphlet on the miracle of life and the threats of abortion



Available from:

 Word And Life Publications / Word And Life Religious Store

 [https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore\\_2021](https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021)

 <https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore>



**WORD AND LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

# TAPANG SA HALIP NA TAKOT

*Kalakbay at Katoto*


Isa sa nagiging tanyag na kainan ay pinangalanang KUBLI. Ang salitang “kubli” ay nangangahulugang “natatago,” isa sa mga katagang galing sa Kastila (covrir) na ang tunay na kahulugan ay “magtakip” o “magtalukbong.” Di naglaon, ito ay nagkaroon ng kahulugang magtago, tulad ng sinasaad ng mga salitang “magkubli sa gubat.”

Nang bumaba ang Espiritu Santo, ang mga disipulo ay nagkukubli sa isang kwarto sa itaas ng bahay. Takot na takot sila sa mga may kapangyarihan, matapos maganap ang pagdakip, pagpapahirap, at pagpatay kay Hesukristo.

**Ang kapistahan sa araw na ito ay hindi lamang isang paggunita sa naganap noong nakaraan.** Kung ganoon, wala siya kaibahan sa kasaysayan. Pero ang pagbaba ng Espiritu Santo ay hindi isang bagay na minsanan lang nangyari sa kasaysayan. Ito ay may kinalaman sa tuluyang pananatili o pagkanaririto ng Diyos sa piling ng kanyang bayan. Ito ay may kinalaman sa isang hiwagang patuloy na nagaganap at nagdudulot ng kagalingan sa ating buhay.

**Buong puso nating tinatanggap ang Banal na Espiritu dahil gusto nating pagyamanin at palawigin ang ating pag-asa na nahihintakutan.** Nagkukubli pa rin tayo sa maraming paraan. Nagtatago tayo sa katotohanan, bilang isang halimbawa. Ayaw natin malaman ang totoo. Marami sa mga nagsisimulang magkaproblema sa kalusugan ay nasa denial na tinatawag sa Ingles. Tinatanggihan natin ang katotohanang ayaw nating marinig. Isa pang malinaw na halimbawa ang palasak na pagtanggap natin sa fake news, sa mga palsong mga propaganda, sa mga posts sa social media, at sa mga tsismes tungkol sa mga artista.

**Ang Pentekostes ay isang paalala sa atin na may kadluan tayo ng tapang at lakas upang maharap ang bagay na mahirap harapin.** Nang hiningahan ni Jesus ang mga disipulo, pinagkalooban sila ng panibagong buhay, kumbaga, tulad nang hiningahan ng Diyos ang putik at naging taong buhay. **Dahil sa pagbaba ng Espiritu Santo, wala na tayong dahilan para mag-kubli.** Iyon rin ang dahilan kung bakit ang mga dating takot na disipulong nagtago sa kwarto sa itaas ay nagsipaglabasan at buong tapang na nagpahayag ng magandang balita ng kaligtasan.



Are you preparing children for First Communion?


Then you need


## “THE MASS EXPLAINED TO KIDS”

A coloring book on the Mass, with a collection of appropriate songs, basic Catholic prayers, and a Mass Guide for First Communion!

Contact **WORD And LIFE PUBLICATIONS** for further information on everything you need for this memorable occasion in the life of every Catholic child.

 **Word And Life Publications / Word And Life Religious Store**

 [https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore\\_2021](https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021)

 <https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore>